Mensahe Apat

## Ang Pagbabawi ng mga Subhektibong Katotohanan sa Ebanghelyo ni Juan

Babasahin sa Kasulatan: Juan 1:14, 16; 14:16-20; 14:6; 20:22; 4:10, 14; 6:35; 57; 12:23-24; 3:29-30

**I. Ninanais ng Panginoon na bawiin ang mga subhektibong katotohanan sa mga Banal na Kasulatan—Juan 1:14; 14:16-20; 1 Tim. 3:15-16a; 2 Tim. 4:22; 3:15-16:**

A. Ang mga katotohanan sa mga Banal na Kasulatan ay laging may dalawang aspekto—ang obhektibong aspekto at ang subhektibong aspekto—Roma 8:34, 10; Col. 3:1; 1:27:

1. Ang pagliligtas ng Diyos ay may dalawang aspekto: ang panlabas, obhektibong aspekto, na isinasagisag ng pinakamainam na balabal, at ang panloob, subhektibong aspekto, na isinasagisag ng pinatabang guya; si Kristo bilang ating obhektibong katuwiran ay ating kaligtasan sa panlabas, samantalang si Kristo bilang ating subhektibong buhay para sa ating katamasahan ay ating kaligtasan sa panloob—Luc. 15:22-24; cf. Roma 5:10.
2. Lahat ng obhektibong doktrina ay para sa subhektibong karanasan; ang obhektibong Kristo ay "ang pinakamainam na balabal" ng katuwirang nagbibigay-kasiyahan sa Diyos upang takpan ang nagsisising makasalanan (Jer. 23:6; 1 Cor. 1:30), samantalang ang subhektibong Kristo ay "ang pinatabang guya" bilang mayamang Kristo (Efe. 3:8), na pinatay sa krus para sa panustos-buhay at pagtatamasa ng mananampalataya sa pagkabuhay na muli (Juan 10:10; 6:63; 11:25; 12:24; 4:10, 14; 20:22).
3. Si Kristo bilang ating obhektibong katuwiran ang nagbibigay-kakayahan sa atin na tugunan ang kahilingan ng matuwid na Diyos, samantalang si Kristo bilang ating subhektibong katuwiran ang nagbibigay-kakayahan sa atin na tugunan ang kahilingan ng nananaig na Kristo—Awit 45:13-14; Fil. 3:9; Apoc. 19:7-9.
4. Ang pag-aaring-matuwid ay "sa buhay" sapagkat ang buhay ang gol ng pagliligtas ng Diyos; ang ating organikong pakikipag-isa sa buhay kasama at sa loob ng Panginoon sa pansubhektibo ay bunga ng ating pagkakaaring-matuwid sa pang-obhektibo—Roma 5:10, 17-18; 11:17, 24; Juan 15:4-5; 1 Cor. 6:17.

B. Ang mga subhektibong katotohanan ay nakaugnay sa Espiritu at buhay at nabubuuan ng Espiritu at buhay—Juan 6:63; 2 Cor. 3:6:

1. Ang Espiritu at buhay ang substansiya ng mga subhektibong katotohanan; sa gayon, kung wala ang Espiritu at buhay, wala tayong anumang mga subhektibong katotohanan.
2. Kapag namumuhay tayo sa pamamagitan ng Espiritu at buhay, mayroon tayong karanasan sa mga subhektibong katotohanan, at nagbubunga ito sa buhay-ekklesia—Roma 8:2, 4; 16:1, 4-5.

**II. Ang Ebanghelyo ni Juan—isang aklat hinggil sa mga subhektibong katotohanan—ay naghahayag na dapat tayong magkaroon ng mga subhektibong karanasan kay Kristo—4:14; 6:57; 20:22:**

A. Ang Ebanghelyo ni Juan ay isang aklat hinggil sa subhektibong karanasan kay Kristo bilang buhay—1:4; 3:15-16; 10:10; 11:25; 14:6a:

1. Ang Ama ang pinagmumulan ng buhay, ang Anak ang pagsasakatawan ng buhay, at ang Espiritu ang Tagapagbigay ng buhay—5:26; 1:4; 6:63.
2. Ang pagtatayo at paglaki ng Katawan ni Kristo ay ang paglago at pag-apaw ng buhay—7:37-38; 15:1-8.
3. Ang mga mandaraig ay ang mga tagatanggap, mga tagapagtamasa, at mga tagapamahagi ni Kristo bilang luntiang pastulan ng buhay—1:12-13, 16; 10:9-10; 21:15-17.
4. Ang Ama ang bukal bilang pinagmumulan ng buhay, ang Anak ang batis bilang pagbukal ng buhay, ang Espiritu ang ilog bilang pagdaloy ng buhay, at ang dumadaloy na Tres-unong Diyos na ito ay "tungo sa buhay na walang hanggan," na siyang ating pagiging Bagong Herusalem bilang totalidad ng buhay na walang hanggan (taglay ang Diyos bilang kaluwalhatian ng buhay, ang Ama bilang liwanag ng buhay, ang Anak bilang puno ng buhay, at ang Espiritu bilang ilog ng buhay)—4:14b; Apoc. 21:9b-11, 23; 22:1-2, 5.

B. Si Kristo bilang walang hanggang Salita ng Diyos ay inihayag sa kapitulo 1 ng Juan—b. 1:

1. Si Kristo bilang Salita ng Diyos ay nagsasalita para sa Diyos sa pamamagitan ng Kanyang nilikha—b. 3.
2. Si Kristo bilang Salita ng Diyos ay nagsasalita para sa Diyos sa pamamagitan ng Kanyang pagkakatawang-tao bilang tabernakulo ng Diyos—b. 14.
3. Si Kristo bilang Salita ng Diyos ay nagsasalita para sa Diyos sa Kanyang pagiging Kordero ng Diyos para sa katubusan—b. 29.
4. Si Kristo bilang Salita ng Diyos ay nagsasalita para sa Diyos sa pamamagitan ng Kanyang pagiging nagpapahid na Espiritu para sa transpormasyon ng tinubos na bayan ng Diyos tungo sa mga bato para sa pagtatayo ng bahay ng Diyos (Bethel) sa pang-organiko para sa Bagong Tipan—bb. 32-42, 51; cf. Gen. 28:11-22.

C. Ang Salita ay naging laman upang ang Diyos ay gawing makakaugnay, mahihipo, matatanggap, mararanasan, mapapasok, at matatamasa upang maisagawa Niya ang Kanyang sarili tungo sa atin—Juan 1:14; 14:16-17.

D. Si Kristo ay naging ang Espiritu bilang hininga upang malanghap natin Siya, ang buháy na tubig upang mainom natin Siya, at ang tinapay ng buhay upang makain natin Siya—4:10, 14; 6:32-33, 35, 51, 54-57; 7:37-39; 20:22.

E. Si Kristo ang tunay na puno ng ubas, at tayo ang Kanyang mga sanga—15:1-8:
1. Ang buhay, ang substansiya, at ang kalikasan ng puno ng ubas ay ang buhay, ang substansiya, at ang kalikasan ng mga sanga—1 Juan 5:11-12; 2 Ped. 1:4.
2. Ang Anak bilang puno ng ubas ay ang sentro ng ekonomiya ng Diyos at pagsasakatawan ng lahat ng kayamanan ng Ama; ang Ama, sa pamamagitan ng paglinang ng Anak, ay isinasagawa ang Kanyang sarili kalakip ang lahat ng Kanyang kayamanan tungo sa puno ng ubas, at kalaunan, inihahayag ng puno ng ubas ang Ama sa isang sama-samang paraan sa pamamagitan ng mga mananampalataya kay Kristo bilang mga sanga nito.

F. Ang subhektibong karanasan kay Kristo sa katunayan ay si Kristo Mismo na pumapasok sa atin upang maging ating buhay at ang bumubuong-sangkap ng ating katauhan—Col. 3:4, 10-11.

**III. Inihahayag ng Ebanghelyo ni Juan ang mga subhektibong katotohanan hinggil sa ekklesia:**

A. Ang bunga ng ating pagtanggap sa Panginoon tungo sa atin ay yaong tayo ay nagiging mga bumubuong-sangkap ng ekklesia—12:24; 20:17; 15:4-5; 3:29-30.

B. Ang pagbabawi ng Panginoon ay ang bawiin ang subhektibong karanasan kay Kristo para sa pagsasagawa ng buhay-ekklesia—Gal. 1:15-16; 2:20; 4:19; 1:2:
1. Ang ekklesia, na siyang bunga ng ating subhektibong karanasan kay Kristo, ay si Kristo na naibubuo sa Kanyang mga mananampalataya—Efe. 3:16-19.
2. Ang Kristo na namatay at nabuhay na muli ay naisagawa tungo sa atin upang maibunga ang ekklesia, na siyang Kanyang Katawan—Col. 1:27, 18; 2:19; 3:15.
3. Si Kristo sa Kanyang sarili ay ang Ulo, at si Kristo na naibuo tungo sa atin ay ang Katawan—Efe. 1:22-23; 3:17; 4:15-16; Col. 1:18, 27; 3:4; 2:19; 3:15.

C. Bagama't ang salitang *ekklesia* ay hindi tiyakang ginamit sa Ebanghelyo ni Juan, ang katotohanan hinggil sa pag-iral ng ekklesia at sa mga bumubuong-sangkap ng ekklesia ay malinaw na ipinaliwanag, at ang ekklesia ay tinukoy sa pitong paraan:
1. Ang ekklesia ay binubuo ng maraming butil, na siyang maraming mananampalataya na naibunga sa pamamagitan ng kamatayan at pagkabuhay na muli ni Kristo—12:23-24.
2. Ang ekklesia ay binubuo ng maraming kapatid ng Panginoon—20:17.
3. Ang ekklesia ay ang bahay ng Ama—14:2, 23.
4. Ang ekklesia ay ang puno ng ubas ng Anak na may maraming sanga—15:5, 7.
5. Ang ekklesia ay ang bagong anak ng Espiritu, ang bagong tao, na ipinanganak ng napasukdol na Espiritu—16:20-22.
6. Ang ekklesia ay ang kasintahang babae taglay si Kristo bilang Kasintahang Lalaki—3:29-30.
7. Ang ekklesia ay ang isang kawan taglay si Kristo bilang Pastol—10:14-16.

D. Ang praktikal na buhay-ekklesia ay bunga ng ating karanasan sa mga subhektibong katotohanan; kapag nararanasan natin ang mga subhektibong katotohanan, ang ekklesia ay kusang naibubunga—Roma 8:10-11; 12:4-5; 16:1, 4-5; 1 Cor. 1:9, 30; 15:45b; 6:17; 1:2; 12:27.

E. Ang bunga ng ating subhektibong karanasan kay Kristo bilang buhay ay ang buhay-ekklesia bilang isang bahay ng pagpipista—Juan 12:1-11:

1. Sa buhay-ekklesia, tayong lahat ay dapat maging isang trayanggulong sangkap ng ekklesia—isang “Martha-Lazaro-Maria.”
2. Sa tunay na buhay-ekklesia ang masigasig na paglilingkod sa Panginoon ay naigagawad, ang buháy na patotoo ng Panginoon ay nakikita, at ang ganap na pag-ibig tungo sa Panginoon ay naibubuhos; ito ang tunay na kahayagan ng Katawan ng Panginoon, na isang sisidlan upang isilid ang Panginoon at ihayag Siya.

*© 2021 Living Stream Ministry*